**PRIBADONG PAMPINANSYAL NA TULONG**

**MGA PRIBADONG ISKOLARSIP**: May maraming mga pribadong iskolarsip na magagamit ng mga mag-aaral upang makatulong na magbayad para sa kolehiyo, at ang ilan ay maaaring magamit ng mga hindi dokumentadong mag-aaral. Ang ilan ay batay sa kahusayan. Ang iba ay nakatuon sa mga partikular na grupong mga tao, tulad ng mga pamilyang militar (tingnan ang https://studentaid.gov/understand-aid/types/military)

Mga mapagkukunan ng impormasyon para sa mga iskolarsip:
Kagamitan sa paghahanap ng Libreng Iskolarsip ng Departamento ng Trabaho [Department of Labor Free Scholarship]: https://www.careeronestop.org/toolkit/training/find-scholarships.aspx;
Paghahanap ng iskolarsip ng Lupon ng Kolehiyo: www.bigfuture.collegeboard.org/scholarship-search;
FinAid.Org: http://www.finaid.org/scholarships/;
Opisina ng pampinansyal na tulong sa kolehiyo o paaralan ng karera;
Tagapayo ng mataas na paaralan o TRIO;
Ang seksyon ng sanggunian ng iyong aklatan;
Mga pundasyon, mga organisasyon ng relihiyon o komunidad, mga lokal na negosyo, o mga sibikong grupo;
Mga organisasyon (kabilang ang mga propesyonal na assosasyon) na may kaugnay sa iyong larangan ng interes;
Mga organisasyon na nakabatay sa etniko;
Iyong tagapag-empleyo o tagapag-empleyo ng iyong mga magulang.

Ang isang iskolarsip ay makakaapekto sa iyong iba pang tulong ng mag-aaral dahil ang kabuuan ng lahat ng tulong sa mag-aaral na pinagsama ay hindi maaaring maging higit sa iyong gastos sa pagdalo sa iyong paaralan.

**MGA PRIBADONG PAUTANG NG MAG-AARAL:**
Ang mga pribadong pautang ay maaaring makuha mula sa mga bangko, mga nagpapahiram, at mga paaralan at maaaring magamit ng mga mag-aaral na hindi dokumentado depende sa nagpapahiram. Bago kumuha ng isang pribadong pautang ng mag-aaral, dapat mong malaman ang mga kahihinatnan sa hindi pagtupad sa pagbabayad. Kung hindi mo magawa ang iyong mga pagbabayad, ang pagkakautang ay susunod sa isang daan na katulad ng iba pang pagkakautang ng mamimili (tulad ng utang sa kredit kard).
Delingkuwensya: Ang nanghihiram ay huli sa isang pagbabayad.
Charge-Off: Pagkatapos ng 120 o 180 mga araw, inuulat ng tagapagpahiram ang utang bilang pagkawala para sa mga layunin ng accounting. Ang nanghihiram ay mananagot pa rin sa utang.
Pagbebenta sa Mamimili ng Utang: Ibebenta ang utang ng orihinal na nagpapahiram sa bumibili ng utang nang mas mababa kaysa sa balanse ng utang.
Demanda: Ang may-ari ng utang (ang orihinal na tagapagpahiram o bumibili ng utang) ay idedemanda ang nanghihiram.
Paghahatol: Ang paghatol sa korte ay maaaring magresulta sa pagbabawas ng iyong suweldo o isang utang sa iyong pag-aari.
Sa anumang punto sa panahon na ito, maaari mo palaging subukan na makipag-ayos ng isang pag-areglo sa nagpapahiram o sa bumibili ng utang.

**Ang HERA ay Maaaring Magkaloob ng Karagdagang Payo Tungkol sa Pagpili at Pagbabayad para sa Kolehiyo**

Kung nais mo ng karagdagang payo tungkol sa pagpili ng isang paaralan, pag-aaplay para sa pampinansyal na tulong, o pangangasiwa ng iyong pautang ng mag-aaral, maaari ka ring makipag-ugnay sa amin. Housing & Economic Rights Advocates (HERA) P.O. Box 29435 Oakland, CA 94604 Telepono: 510-271-8443 ext. 300 Fax: 510-868-4521 E-mail: inquiries@heraca.org www.heraca.org

# Pagpaplano at Pagbabayad para sa Kolehiyo: Mga Hindi Dokumentadong Mag-aaral

Sa kasamaang palad, ang pederal na pam-pinansiyal na tulong ay hindi magagamit ng mga hindi dokumentadong mag-aaral. Nguni't magagamit ang pampinansiyal na tulong ng mga mag-aaral na ito sa ilalim ng batas ng California.

HERA
housing and economic rights advocates

P.O. Box 29435 Oakland, CA 94604

Phone: 510-271-8443 ext. 300
Fax: 510-868-4521
E-mail: inquiries@heraca.org
www.heraca.org

## Ang Batas ng PANGARAP ng California [California DREAM Act]

Ang California Dream Act ay nagpapahintulot ng ilang mga hindi dokumentado at mga hindi residenteng mag-aaral na makatanggap ng pampinansiyal na tulong ng estado, kasama ang mga Kaloob ng Cal (Cal Grants), mga Nakaririwasang Iskolarsip (Middle Class Sponsorships)  at mga pagpapaubaya sa bayarin sa kolehiyong pangkomunidad (Mga Pangakong Kaloob ng California [California Promise Grants])

**Mga Kinakailangan:**

Dumalo sa isang mataas na paaralan ng California sa loob ng 3 taon o magkamit ng mga katumbas na kredito;
Kombinasyon ng 3 o higit pang mga taon sa elementarya o sekundaryong paaralan sa California;

Nagtapos mula sa isang mataas na paaralan ng California o makapasa sa Eksamen ng Kasanayan sa Mataas na Paaralan ng California (California High School Proficiency Exam [CHSPE]) o kumuha ng GED;
Magpatala sa isang akreditado at kwalipikadong kolehiyo o unibersidad ng California; at,
Kung naaangkop, punan ang isang apidabit na nagsasabi ng iyong hangarin na gawing ligal ang katayuan sa imigrasyon sa lalong madaling panahon.  Ang iyong Diputado ng Paninirahan o ang opisina ng Pagpapasok at mga Talaan (Admissions and Records) ay maaaring magbigay ng impormasyon kung paano makumpleto ang iyong apidabit at ipaalam sa iyo kung kinakailangan ang mga sumusuportang dokumento.



## Paano Mag-aplay para sa Tulong:

Kung hindi ka dokumentado, magsumite ng Aplikasyon sa Batas ng Pangarap ng California [California Dream Act] (sa halip na FAFSA) na makukuha sa https://www.csac.ca.gov/post/resources-california-dream-act-application ;
Isumite ang aplikasyon ng Pangakong Kaloob ng California [California Promise Grant] para sa kolehiyong pangkomunidad kung hindi ka maaaring mag-aplay sa isang CDAA https://www.cccapply.org/en/money/california-college-promise-grant;
Suriin ang checklist (listahan ng impormasyon) ng Pampinansyal na Tulong ng California [California Financial Aid] sa https://www.csac.ca.gov/pod/financial-aid-checklist
**Tumawag sa Komisyon sa Tulong sa Mag-aaral ng California [California Student Aid Commission] sa 888.224.7268 para sa tulong.** (Pinagkukunan:  https://www.csac.ca.gov/how-apply)
**Dumalo sa isang libreng Salapi para sa Kolehiyo na workshop**. Upang hanapin ang iyong pinakamalapit na workshop para sa Salapi para sa Kolehiyo, tingnan ang www.cash4college.csac.ca.gov (Tandaan na ang mga ito ay pansamantalang sinuspinde habang naghihintay sa COVID-19 na emerhensiya sa pampublikong pangkalusugan)
**Marso 2** ay ang huling araw ng pagtitiyak na ang mga mag-aaral ay isinasaalang-alang para sa lahat ng pampinansiyal na tulong na kung saan maaari silang maging karapat-dapat, kaya pinakamahusay na isumite ang iyong Dream Act na aplikasyon sa araw na iyon.



## Mga Posibleng Mapagkukunan ng Pampinansyal na Tulong

**Mga Cal na Kaloob** – magagamit para sa mga mag-aaral na may pinansiyal na pangangailangan na napapanatili ang kasiya-siyang pag-unlad sa akademiko sa Unibersidad ng California (UC), California State University (CSU) o Kolehiyong Pangkomunidad.

**Mga Iskolarsip ng Nakaririwasang Tao** – nagbibigay sa mga undergraduate na mag-aaral, kabilang ang mga mag-aaral na nagsisikap na matamo ang isang kredensyal sa pagtuturo, na may mga kita ng pamilya at mga ari-arian hanggang sa $177,000 na isang iskolarsip upang dumalo o mga kampus sa UC o CSU.

**Pangakong Kaloob ng California [California Promise Grant]**– ay nagpapaubaya ng bayad sa pagpapatala (matrikula) at anumang kolehiyo sa komunidad ng California sa buong estado. Batay sa pinansiyal na pangangailangan.

## Ligtas bang Mag-apply para sa Batas ng Pangarap [Dream Act]?

Ginagamit ng California Student Aid Commission (CSAC) ang applikasyon upang matukoy lamang ang pagiging karapat-dapat para sa pampinansyal na tulong ng estado at hindi ibinabahagi ito sa pamahalaang pederal at hindi ito ginagamit para sa mga layunin ng pagpapatupad ng imigrasyon. Poprotektahan ng CSAC ang impormasyon sa pinakalubos na saklaw ng batas.

**HERA is a not-for-profit legal services organization dedicated to economic justice. For additional information or to request assistance, please contact us at inquiries@heraca.org or (510) 271-8443 ext. 300**